



COUNTY NG LOS ANGELES TAGAPAGREHISTRO-TAGAPAGTALA/ KLERK NG COUNTY

PAGBABALIK NG IYONG PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Hinihikayat ang mga botante na ibalik ang kanilang sariling balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo gamit ang isa sa tatlong maginhawa at ligtas na mga opsyon sa pagbabalik.



Dapat lagdaan at lagyan ng petsa ng mga botante ang kanilang Sobre ng Pagbabalik ng VBM bago isumite ang balota.


Ang bawat balota ay nabeberipika bago ito malinis para sa pagbibilang. Kung ang pirma ng isang botante ay nawawala o hindi tumutugma sa isa na nasa file, aabisuhan ng County ang botante na may mga tagubilin upang magbigay ng wastong lagda.

LIGTAS NA MGA OPSYON SA PAGBABALIK



Koreo ng U.S.

Dapat na may tatak ng koreo sa Araw ng Halalan. Walang kinakailangang selyo



Opisyal na Kahong Hulugan ng Balota

Ang listahan ng mga kahong hulugan ng balota ay makikita sa **LAVOTE.GOV** bago ang bawat halalan.



Paghulog sa Sentro ng Pagboto

Ang listahan ng mga magagamit na Sentro ng Pagboto ay makikita sa **LAVOTE.GOV** bago ang bawat halalan.

Kung hindi maibalik ng isang botante ang kanilang sariling balota maaari silang magtalaga ng sinumang tao upang ibalik ang kanilang balota hangga't walang bayad na kasama sa pagbabalik ng balotang iyon.